

1

Maalinsangan kaya bumangon si Elvie mula sa hinihigaang sofa nang gabing iyon at lumapit sa nakabukas na bintana. Tanaw na tanaw ang Taft Avenue mula sa kanyang kinakaroonan. Ang liliwanag ng mga street lights! Ang gagaslaw ng mga kislap! Naisip ni Elvie ang kaibahan nito sa mga mayuyuming kislap ng liwanag na dala-dala ng mga alitaptap na nagsisipagliparan sa paligid ng balete tree. Ang dami pa ring mga taong nagsisipaglakad sa kalsada. Sa kanilang probinsya ng Zamboanga del Sur, tahimik na ang kabahayan sa ganoong oras. Sa Maynila ay parang walang pahinga ang gabi.

Napalingon siya nang may pumasok sa silid. “O, Pinsan, kumusta ang lakad mo kanina?” tanong ng may katabaang babae. Ito ang kanyang pinsang may-ari ng apartment na kanyang tinutuluyan.

“Kukunin ko na lang po ang aking mga documents sa *Silver Agency* bukas, Ate,” sagot niya.

“Eh, bakit?” usisa pa ni Nora na kanyang pinsang buo.

“Kasi hindi ako nakasama doon sa first batch

applicants for Palau. Sabi ng manager sa second batch na lang po raw ako, pero hindi na as restaurant cashier kundi as a waitress. Ayaw ko pong magwaitress, Ate. Uuwi na lang po ako sa atin at magtake ng licensure exam for teacher next year,” mahaba at malungkot niyang tugon.

“Ano’ng masama sa pagiging serbidora? Di ba bukod sa kursong BSE, nakatapos ka rin ng Hotel and Restaurant Management Training sa *TESDA*? At least napag-aralan mo rin ang gawaing pang-waitress.”

“Uuwi na lang po talaga ako sa atin, Ate.”

“Bueno, kung ’yan ang napagdesisyunan mo. Matulog ka na at magmamadaling-araw na.”

Maagang gumising si Elvie kinabukasan; naligo, nag-almusal at nagbihis.

“Ay naku, Elvie, baka madikit ka d’yan sa salamin at di ka na makaaalis! Kukuhanin mo lang ang mga papers mo,” biro ng pinsan.

Napangiti siya nang maalala ang tawag sa kanya ng mga kaibigan: ‘Baby Doll’. Siguro dahil maliit lang siya sa tangkad na five feet. Maputi siya at may mala-porselanang kutis, katamtaman ang tangos ng ilong, maitim ang mahabang buhok na ayon sa isang dating manliligaw kasing-itim ng gabing walang

bituin. Bukod pa doon, magaganda rin ang kanyang mga mata.

Subalit ang pinaka-asset niya ay ang magagandang hugis ng kanyang mga binti. “Lalakad na po ako, Ate,” paalam niya kay Ate Nora.

Nang pauwi na si Elvie mula sa *Silver Agency*, may nadaanan ang sinakyan niyang pampasaherong jeep sa España St. na isang gusaling maraming tao. Nagtatakang bumaba siya at nakiusyoso. Ewan ba niya kung bakit nabighani siyang lumapit doon.

‘*Ralph Manpower Agency*’ ang pangalan ng ahensya. Sa labas ay may nakalagay na bulletin board at may nakasulat na: ‘*Urgent! Al Mohamad Est. is in need of the following workers: Waitresses, Waiters, Cook, Eatery Supervisor, and Nutritionist, Destination: Riyadh.*’ Nakinig siya sa bulong-bulungan. Mataas raw ang pasahod at para sa isang eksklusibong unibersidad doon.

Namataan siya ng isang empleyado sa loob. “Miss, aplikante ka ba? Halika, pasok ka rito sa loob,” tawag nito.

Para nga siyang namagnetong sumunod at hindi nakapagsalita. “Miss, titingnan namin ’yang dala-dala mo, baka qualified ka sa kulang na supervisory job.”

Wala sa loob na ibinigay ni Elvie ang mga papeles na kinuha mula sa iniwang ahensya.

Isa-isang binuklat-buklat at binasa iyon ng tauhan habang patangu-tango. “Naku, sa wakas, nakakita rin tayo ng qualified na aplikante for Eatery Supervisor! Miss, pakibigay nga itong mga papers mo doon sa aming manager. Doon sa mesa sa dulo,” nakangiting sabi nito.

Para pa ring robot na sumunod si Elvie. Tiningnan siya ng manager mula ulo hanggang paa at tumangu-tango bago binasa ang hawak na mga papel. “Hmm... okay, bring this with you and go upstairs para ma-interview ka ni Mr. Jake Vance,” utos nito.

Marami ring mga aplikante sa itaas at tamang-tama lamang na nakaupo si Elvie sa isang bakanteng upuan sa labas ng isang nakapinid na silid nang bumukas iyon. Lumabas ang isang sexy at magandang babae at nagtanong, “Wala bang aplikante para supervisor dito?”

“Ako po, Ma’am,” aniya.

“Okay, come in.”

“Parang bagyo ka talaga kung mag-isip, Pinsan,

pabagu-bago. Akala ko ba'y uuwi ka na talaga? Bumili tuloy ako ng mga pampasalubong para kay Tiya at sa mga kapatid mo sa Zamboanga Del Sur," sabi ni Ate Nora.

"Ewan ko ba, Ate, para ngang ipo-ipo ang nangyari, ang bilis!" aniya.

Pagkatapos ng kaunting mga tanong mula kay Mr. Jake Vance at natingnan ang kanyang mga papeles, ay dineklara nitong hired na siya. Napag-alaman niyang British si Mr. Vance. Matangkad ito at napakaguwapo. Ito ang pinapamahala ng Arab na kompanya sa pagkuha ng mga workers para sa isang university sa Riyadh, Kingdom of Saudi Arabia.

"Malaki ang pasahod, Ate," patuloy niya. "One thousand dollars a month ang para sa supervisory job, at kaming lahat, free ang uniform, free board and lodging and plane tickets to Riyadh."

"O, siya siya. Tawagan mo si Tiya at ipaalam mo sa kanila na paalis ka na papuntang Riyadh."

Pagkatapos ng isang linggo, isa si Elvie sa mga sakay ng eroplanong papuntang Riyadh. Mahigpit na hinawakan niya ang rosaryong bigay ng kanilang parish priest na si Father Arnold. First time niyang

nakasakay ng plane.

“Lord, ang bigat-bigat ng eroplano, huwag mo pong pahintulutang bumagsak ito.”

“Ma’am, itago n’yo po ang rosary,” ani Anna na katabi niya sa upuan. “Bawal po ’yan sa Saudi.”

Nakarating na kasi sa nabanggit na bansa si Anna bilang domestic helper kaya alam nito ang do’s and don’t’s doon.

“Don’t worry, itatago ko ito sa loob ng aking bra paglapag natin.”

Napakarelihiyosa ng pamilya niya. Nagtapos siya ng elementary sa *Mount Carmel School* ng Jolo, Sulu noong nagtatrabaho pa ang ama niya roon. In fact, sa dorm ng mga Belgian Mothers—na siyang nangasiwa niyon—sila ng dalawa pa niyang mga kapatid na babae nag-stay.

Dahil nga first time niyang makasakay ng eroplano, hindi niya maiwasang kabahan lalo na kapag may turbulences.

Panay na lamang ang dasal ni Elvie hanggang i-anunsyo na ng purser na lalapag na sila sa *King Khaled International Airport, Riyadh*.

“Lalapag na tayo,” bulong ni Anna.

Hinalikan muna ni Elvie ang rosaryo bago itinago sa loob ng bra.

Pababa na sila nang mapansin niya ang dalawang taong naka-traditional Islamic clothing. Hindi talaga siya pamilyar sa kultura ng ibang bansa kaya muntik-muntikan na niyang mapagkamalang mga pari ang mga Arabong iyon. Mabuti na lamang at ang mga kasama niyang Pilipino ay mga datihang OFWs na nakapagtrabaho na sa Saudi. Matiyaga ang mga itong sa pag-orient sa kanya.

Siba Ligaya, Glorie at Mads ay mga kasamahan niya sa trabaho. Mga waitresses din ang mga ito na katulad ni Anna at mga nakapagtrabaho na rin sa Saudi. Hiyang-hiya si Elvie sa sarili. Natagurian siyang supervisor ngunit napakainosente.

Mag-iikaapat ng madaling araw lumapag ang eroplano, kaya napakalamig lalo na at buwan noon ng Disyembre.

Hindi siya humiwalay sa mga kasamang Pilipino sa pag-disembark hanggang sa pagpila sa immigrations, customs at pagkuha ng mga bagahe. Sa lobby ng arrivals ay kaagad nakita nila ang isang lalaki na may hawak na signage kung saan nakasulat ang pangalan ng kompanya ng employer nila. Kaagad na pinuntahan nila iyon dala ang mga bagahe nila.

Nang ma-check ng lalaki ang mga pangalan nila ay inihiwalay sila sa mga kasamahang lalaki at pinapasok sa isang silid.

“We will have to wait for our employer, the Vice President of *Al Mohamad Est.*, Mr. Kaizer Mohamad.”

Hindi nagtagal dumating din ang kanilang hinihintay at saka sila pinalabas mula sa maliit na silid. Isa-isa silang ipinakilala sa kanilang boss. Kinikilig ang mga babae dahil sa kakisigan nito. Nasa 5’9” ang tangkad nito at kahit nakasuot ng traditional Islamic clothing ay napakaelegante pa rin nitong tingnan.

God, ang pogi naman nito! naisip ni Elvie. Ang deep-set eyes nito ay pinapaligiran ng makakapal na pilikmata... ang mga labi nito kapag ngumiti ay nakaeengganyong halikan.

Napabuntong-hininga siya. *Lord, forgive me, nagkasala ako sa isip.*

“Mr. Mohamad, this is our eatery supervisor, Miss Elvie Montes Cuarez,” pakilala ni Mr. Vance sa kanya. “Miss Cuarez, this is our company Vice President Mr. Kaizer Mohamad.”

“I’m glad to meet you, Madam Cuarez.”

“Glad to meet you, too, Sir.” Mahigpit ang pagkakagagap ng lalaki sa kamay ni Elvie. Para silang namagneto sa isa’t isa, matagal na mataman lang silang nagtitigan.

Tumikhim si Mr. Vance. “Ahm... Sir, I’d like you to meet our two nutritionist, Miss Nanette Valdez and Miss Anna Dela Cruz.”

Saka pa lang nakahulagpos ang kamay ni Elvie mula sa mahigpit na pagkahawak ng Arabo.

Pagkatapos maipakilala ang lahat ng empleyado ay inanunsyo na ang pagpunta nila sa kanilang tutuluyan. Hiwalay ang sasakyang van ng mga babae sa mga lalaki. After thirty minutes, pumasok ang dalawang van sa isang napakaluwang na parking lot.

Pagkalabas ng mga sasakyan ay nagtipon-tipon muna silang mga empleyado para muling kausapin ng kanilang amo.

“This will be your villa,” sabi ni Mr. Mohamad. “The women are required to stay on the second floor, while the men will be temporarily housed on the first floor. The basement shall be our temporary office while everyone is still getting familiar with the place and respective jobs. And oh, Mr. Vance, please allow the new employees to rest today and remind them

to be at the office tomorrow at exactly 9:00 a.m. for our meeting and job orientation. Remember to adjust your time, people. There is a five-hour time difference between Saudi and the Philippines. Okay, welcome everyone and let's all work hard!" paalam nito ngunit bigla ring bumalik na parang may nalimutan. "Ah, Madam Cuarez?"

"Sir?" kunot-noong tanong ng dalaga.

Ngumiti ito nang matamis sa kanya. "It was nice meeting you."

Napakalaki ng villa. Sa itaas ay may dalawang comfort rooms, isang living room, kitchen, dining room at walong maluluwang na bedrooms. Bilang supervisor, solo ni Elvie ang isang well-furnished na bedroom. Napa- "Wow" silang lahat dahil para silang nasa isang five-star hotel.

Napag-alaman ng mga Filipinos doon na ang mga Mohamads ay mga royal blood. Napakayaman ng mga ito at may-ari ng chain of malls and restaurants sa lahat ng dako sa KSA. May-ari rin ang mga ito ng ilang housing projects.

Ang daming responsibilities ni Elvie. Bukod sa pangangasiwa ng school cafeterias, siya rin ang

tagapangasiwa ng mga gawain sa villa.

Kinabukasan ay maagang nagpunta ang mga empleyado sa opisina para sa briefing nila. Dumating ang manager at vice president nila bandang alas nueve ng umaga.

“Good morning, ladies and gentlemen!” masayang bati ni Mr. Mohamad.

Ipinaalam sa kanila na sa susunod na pagtitipon ay hiwalay na ang mga lalaki sa babae alinsunod sa kultura ng Islam.

May kasama silang isang matangkad at maitim na lalaki na may dalang malaking supot.

“Everyone, may I introduce to you our driver, Mr. Rajack Aznar, a Sudanian.”

Kumaway, tumango at ngumiti ito sa mga Filipinos. Pagkatapos ay pinag-usapan nila ang kanilang mga duties and responsibilities, mga do's and don't's ayon sa mga kaugalian at kultura ng bansang iyon. Ang dala ng driver ay mga *abaya* at *niqab*. Ang *abaya* ay isang itim na maluwang na kasuotan na pantakip sa katawan. Ang *niqab* naman ay maitim na belo na pantakip sa mukha. Ngunit makakakita pa rin ang sinumang magsuot niyon dahil sa kanipisan ng tela.

Sinabi sa kanila na bawal ang bisitang lalaki kahit pa kapatid nila. Ang pagsusuot ng damit na walang manggas ay bawal din.

“I will deduct two hundred riyals from the salary of anyone who will be caught wearing that kind of attire. You are also not allowed to open the windows,” paliwanag pa ni Mr. Mohamad. “Miss Cuarez, I’ll discuss with you other company matters in our staff meeting tonight at seven o’clock,” baling nito kay Elvie.

Napansin niyang parang galit ang kanilang boss sa kanya. Kung makapapatay lang ang tingin nangisay na siya sa tindi ng titig nito. Napansin nga ito ng kanilang mga kasamahan. Natutuwa naman ang iba na halatang may crush sa kanilang boss. Samantalang ang iba ay nag-alala.

Minabuti na lang niyang maghanda ng kape.

“Coffee, Sir?” alok ni Elvie habang pinapatong ang coffee pot sa mesa. Tinulungan siya ni Anna sa paglagay ng tatlong tasang nakapatong sa platito at isang plato ng dates.

“No cream, no sugar,” pagalit nitong sagot. “Okay, girls, meeting is over. You may go and begin your duties except for the eatery supervisor.” May

sinabi rin itong Arabic sa dalawang tauhan at ang mga ito ay magalang na nagpaalam sa kanya.

Kinabahan naman si Elvie na siya lang ang pinaiwan. May nagawa ba siyang mali? “Sir, did I do something wrong?” nangahas na tanong niya.

“Yes, you made a big mistake.”

Ha? Ipapa-deport na ba niya ko? Lalo na siyang kinabahan. Hindi pa nga siya nagsisimula sa kanyang trabaho, heto at nagalit na sa kanya ang boss nila.

“S-Sir? May I know what mistake I did so I won’t do it again.”

“Can’t you see? Look at yourself!”

“Myself, Sir?” *Dios mio, ano kaya ang mali sa sarili ko? Nagpapaganda naman ako, slight makeup nga lang. Maganda naman ang dress ko. Suot ko nga ’to n’ong graduation ball namin.*

“Well, look at your dress. Are you planning on seducing all the men here? You are exposing your curves with that dress!”

Nawala bigla ang kaba ni Elvie at napalitan iyon ng lubos na pagtataka. “Seduce everyone?” bulalas niya. “With all due respect, Sir. I’m here to work, not to seduce anyone. Besides, I don’t see anything wrong

with my outfit.”

“Maybe in your country, it’s okay to dress like that. But here in Saudi, you must act and dress like Saudi women.”

Puno pa rin ng pagtataka ang mukha ng dalaga. *Bakit sa ‘kin lang siya galit? Samantalang mas sexy ang suot ng ibang mga kasama ko?*

“Am I making myself clear, Miss Cuarez?”

Noon muling natauhan si Elvie. “O-okay, Sir. I’m very sorry. I will never wear this dress again while I’m in your country.”

“That’s good to know...”

“Sir?”

“I mean, that’s all. You may proceed with your job. I’ll see you tonight at the meeting in the conference hall.”

“Okay. Thank you and good day, Sir.”

Samantala, nagsipaghagigikan naman ang mga kontrabidang waitresses habang nagsisibalikan sa kanilang sleeping quarters. Malakas ang kutob ng mga ito na napagalitan si Elvie dahil nga pinaiwan

ng boss sa opisina.

“Buti nga sa kanya. Kasi feeling niya, maganda siya. Di naman sila bagay, ’no,” sabi ng nagngangalang Lucy.

“Hay naku, bakit kaya ’yang probinsyanang ’yan ang naging supervisor natin?” tanong naman ng Delia. “Di ba nag-apply din sa puwestong ’yan si Nanette na pamangkin ng may-ari ng agency?”

“Di nakapasa kay Mr. Vance,” ang sagot naman ni Nena.

“Basta ako, ayaw ko sa probinsyanang ’yan. Si Nanette na lang ang ating supervisor. Marunong pa ’yon ng Arabic dahil nakapag-Saudi na noon,” gigil na sabi ni Lucy.

“Sige nga, subukan mo nga ang talent mo,” sulsol ni Delia.

“Hay naku, girls. Shut up na lang kayo kasi may appointment na ’yan as supervisor! Wala na kayong magagawa,” singhal ni Grace.

“Aba, may naligaw palang fan dito,” ani Delia.

Sasagot pa sana si Grace, pero pumasok na ang mga ito sa kani-kanilang silid.

Alas seis ng gabi nang pumasok sina Ligaya at iba pa niyang kasamahan sa Room I, sa silid ni Elvie.

“Ma’am, tutulongan ka naming magbihis,” masayang bungad ni Anna.

“Opo, Ma’am, ako ang mag-aayos ng iyong mahabang buhok at si Ligaya naman ang magme-make up sa ’yo,” sabat ni Glorie.

“Girls, huwag na. Hindi naman Santacruzang ang pupuntahan ko,” kiming sagot ni Elvie.

“Basta, ayaw naming ikaw lang,” pilit ni Ligaya.

“Tinulungan nga siya ng grupo sa pag-aayos. “Ayan pang-supermodel na ang style ng buhok mo, ang ganda mo talaga, Ma’am!” puna ng mga kasamahan ni Elvie.

Bago mag-alas siete ay hinatid ng karamihan ng workers si Elvie pababa ng hagdanan.

“O, hanggang dito na lang kami, ikaw na lang mag-isa pumunta sa office sa basement,” ani Anna.

“Thank you, girls,” aniya.

Sa second floor naman, ang ibang babae ay inis na inis.

“Makikita nila, isusumbong ko ang mga alalay ng kondesang ’yan. Di ba nila alam, bawal ang bumaba at baka makita sila ng mga boys sa first floor?” gigil na pahayag ni Lucy.

“Sige, isumbong mo!”

“Sadyang nagpapa-charming sila sa mga boys! Hay, mga kiri!” anas nina Nena, Delia at Grace.

“Naku, mga friends, magsitigil nga kayo. Tanggapin na lang ninyo ang katotohanang wala kayong appeal kay Sir, ’no,” ismid ni Glorie na hindi pala nakasama sa paghatid kay Elvie pababa.

“Masasabunutan ko talaga ang babaeng ito,” gigil na sabi ni Lucy.

“Sige, gawin mo. Para mapadali ang pagpapa-deport sa iyo sa ’Pinas,” patawang sagot ni Glorie.

2

Malamig ang gabi, ngunit pinagpapawisan si Elvie. Matapos mag-sign of the cross, akmang kakatok na sana siya nang biglang bumukas ang pinto.

Sa gulat ay bigla tuloy siyang napahawak sa kamay ng taong nagbukas ng pinto.

“Oh? You’re here. That’s good. I don’t have to go upstairs. Come inside, Ms. Cuarez,” bati ni Mr. Vance.

“Thank you, Sir, and good evening!”

Sa loob ng silid ay namataan niya si Mr. Mohamad.

Ang pogi talaga ng taong ito!

Masayang sumalubong ito, ngunit nang mapako ang paningin sa kamay niyang nakahawak pa sa kamay ni Mr. Vance, ay biglang kumunot ang noo nito, nagtagis ang mga ngipin at sa wari niya ay parang galit.

Kaagad siyang lumayo kay Mr. Vance at piniling umupo sa pinakadulong puwesto ng mahabang table ng conference room.

Naku, ang magagandang mata ay parang tigre

naman pag galit. Bakit kaya galit?

Luminga siya sa paligid. Marami pala silang kasalo sa meeting na iyon. Karamihan ay mga lalaking Arabo. Dalawa lang ang nakita niyang babaeng kasama sa meeting na kalahi din nila. Mukhang siya lang ang Pilipino doon.

Ilang minuto pa ay nagsimula na ang kanilang meeting.

Inumpisan ni Mr. Mohamad ang meeting sa pagpapakilala kay Elvie sa lahat ng naroon.

“Everyone, this is Miss Elvie Cuarez, our Eatery Supervisor. She’s a Filipino.”

Tumayo ang dalaga at masayang nginitian ang mga present sa meeting na iyon.

“She’s cute.”

“She’s pretty.”

“She’s charming and lovable.”

Iyon ang bulung-bulongan ng mga kalalakihan.

“Thank you so much,” aniya saka yumuko sa lahat. Lumapit sa kanya si Mr. Mohamad at isa-isang ipinakilala siya nito sa lahat. Pinakahuli silang lumapit sa taong nakaupo sa pinakadulo ng

mahabang conference table. “Brother, this is our new Eatery Supervisor, Miss Elvie Cuarez. And Madam, my brother, the President of *Al Mohamad Est.*, Mr. Jerolah Mohamad.”

Tumindig ito at inabot ang kamay sa kanya. “Nice to meet you and welcome to our company.”

“Nice meeting you, too, Sir, and thank you.”

Pagkatapos niyon ay nagsibalikan na sila sa kani-kanilang upuan at pormal na inumpisahan ang meeting. Maraming napag-usapan, napagdiskusyunan at napagkasunduan, hanggang dumako ang usapan tungkol sa pagpapalit ng pamamahala sa mga cafeterias ng bawat eksklusibong university na pag-aari nila. Ang isa ay exclusive for girls at ang isa naman ay exclusive for boys.

“Miss Cuarez, you will be in-charge of the cafeteria of the university for women. You will be the one to see and observe the place tomorrow.” Pinasulat sa kanya ang mga kulang doon, ang mga kailangang iayos at bilhin.

“I believe you know all the necessities and requirements in the kitchen and cafeteria?”

“Yes, Sir, and I’ll do my very best to please you.”

“To please me?” Sa unang pagkakataon ay ngumiti nang napakatamis si Kaizer Mohamad. “I’ll keep that in mind, my lady.” Nangingislap ang deep-set eyes nito.

Kamalisyoso naman ng Arabong ito, ani Elvie sa sarili. “Sir, what I mean is, I’ll do my best in my job as Eatery Supervisor.”

Pero hindi pa rin nawawala ang pilyong ngiti sa mga labi ng guwapong Arabo.

Puso, huwag ka namang lulundag nang ganyan. Trabaho ang sadya natin dito, hindi asawa, paalala niya sa sarili.

May kainan pagkatapos ng conference. Ang mga lalaki ay sa malawak na sala katabi ng tanggapan nagtuloy. Samantalang ang mga babae ay sa isang marangyang silid. Mga lalaking Sudanese ang nagsilbi sa mga lalaki at Syrians naman ang sa mga babae. Sa gitna ng mesang kaharap ni Elvie ay may isang roasted lamb na may garnish na steamed vegetables, boiled eggs at raisins.

May handa ring mga prutas, kagaya ng mga mansanas, ubas, peras at oranges. May kanin ding nakalagay sa isang malaking bilog na tray. Sa ibabaw ng kanin ay may nakapatong na tatlong litsong

manok. Ang soup nila ay gawa sa giniling na saluyot na hinaluan ng small slices of beef. Bukod doon marami pang mga ulam na kakaiba sa putaheng Pinoy.

Magaganang kumain ang dalawang kasamang babae, samantalang siya ay patikim-tikim lang. Akala nila ay takot lang siyang tumaba, ngunit ang totoo, hindi niya gusto ang amoy ng mga spices.

Hindi nagtagal, sinundo si Elvie ni Mr. Vance sa silid ng mga babae. “Madam, it’s time for you to rest. You need to sleep early. You have lots of work to do tomorrow.”

Humingi nang paumanhin si Elvie sa dalawang kasama bago lumabas sa silid. “Thank you for your kind attention, Sir.”

“Don’t mention it.” Ngumiti ito sa kanya kung kaya napatitig siya rito.

Ang pogi talaga ng British na ito. Subalit iba nga lang ang dating ng kapogian ni Mr. Mohamad, unexplainable. Ang lalaking ito ay gusto ko lamang maging kaibigan. Ewan ba kung bakit namihasa siyang humawak sa braso nito. Siguro dahil mabait ito.

Mayamaya ay may tumikhim sa likuran nila.

Napabitiw siya sa British nang makita kung sino iyon.

“Mr. Vance, I thought I asked you to take Miss Cuarez to their quarters?” sabi ni Mr. Mohamad bago tumalikod.

Parang maiiyak siya sa takot. O sa nerbiyos ba? Ewan. *Ang bruho, parang tigre na naman. Dios mio, bakit kaya galit na naman ang taong ito?*

Naputol ang iniisip ni Elvie nang mapansin niya ang isang taong sumusunod sa kanila na may dalang malaking supot. Hindi na niya iyon pinansin.

Walang imik na hinatid siya ni Mr. Vance sa ikalawang palapag mula sa villa.

Pagdating sa second floor ay nagulat si Elvie dahil sobrang lamig sa living room. Naka-on ang air conditioner kahit walang tao roon. Kinabahan na siya. Isa pa naman sa mga house rules nila ang pag-turn off lagi ng AC kapag walang maiiwang tao sa isang room. Hindi niya maitatanggi iyon dahil kasama pa niya si Mr. Vance at isang lalaking nakasunod sa kanila.

Napakagat-labi na lang siya. Siya tiyak ang ituturong responsable doon dahil supervisor din siya ng second floor.

Lalo pa siyang kinabahan nang sumulpot si Mr. Mohamad doon.

Patay!

Madilim ang mukha nitong bumaling sa kanya. “Call the girls, Miss Supervisor,” utos nito.

Madalian namang tinawagan ni Elvie ang mga kasamahang Filipina sa intercom.

Isa-isang nagdatingan ang mga ito. Napansin ni Elvie na naghahagikgikan ang isang grupo. Tiyak na matutuwa ang mga ito na mapapagalitan siya sa harap ng mga ito.

Sa gulat nilang lahat, hindi naman pinagalitan si Elvie. Sa halip tinawag nito ang lalaking may dalang malaking supot.

“Ladies, I’d like you all to meet Mr. Abdul Zaradni. He’s an Iranian. He will be your house guard.”

“Hello, Mr. Zaradni,” bati ng mga Filipina.

Tumango lamang ito dahil hindi ito gaano nakakaintindi ng English.

“By the way, Ladies, I have something for you.” Pinalabas nito sa kasama ang laman ng malaking supot. Mahahabang damit-pambahay na mahahaba

ang manggas ang laman ng mga iyon. May mga pangalan na itong nakasulat sa may laylayan ng damit. Ngunit may isang balot na nakabukod at nakasulat ang pangalan ni Elvie.

Ang kaninang mga nagdiriwang sa tuwa dahil sa tagumpay ng kanilang ginawa ay nagsipagtinginan. Ang mga ito kasi ang gumalaw sa aircon kanina.

“May araw din kayo,” ngitngit na usal ni Lucy.

Nag-unahan ang mga kaalyado nito sa paglalambing sa kanilang boss. “Sir, thank you for the house dresses you gave us.”

“Girls, you can go back to your room, except for your supervisor.”

Tensed na tensed si Elvie nang tatlo na lang silang naiwan sa sala. Matagal ang katahimikan bago nagsimulang magsalita ang Arabo.

“You know, Miss Cuarez, I’ve been to your country lots of times for business. There are so many alluring and beautiful girls there. In fact, whenever I visit, friends and acquaintances often provide me with girls—beautiful girls like you. Your country is free, unlike ours. Do you understand what I mean?”

Hindi makapaniwala si Elvie sa gustong ipahiwatig

ng boss. Mangiyak-ngiyak siya nang sumagot. “Sir, what do you mean? Do you think all Filipinas are like that? Throwing themselves at you for your money?”

“You tell me,” tiim-bagang na singhal nito. “Look at you. You grab Mr. Vance’s arms at every chance you get! You smile so sweetly at him every so often. Tell me, what made you different from the girls I’ve encountered in your country?”

Napagulhol si Elvie sa sama ng loob. “You’re wrong, Sir! I’m not like that! Filipinas are not all like that! It’s sad that you think that way about us!” pahikbing depensa niya.

“Please stop crying, my lady. I didn’t mean to hurt you, really!” Parang gusto siya nitong yakapin, ngunit naalaala nitong bawal iyon sa kanilang bansa. Hinihimas na lamang nito ang mahabang buhok ng dalaga. “Please stop crying.”

Noon nagsilabasan mula sa kanilang silid ang mga Pilipinang kasama niya.

“Bakit, ano’ng nangyari? Ano ang ginawa ni Bigote sa iyo?” tanong ng mga ito.

Tila napahiya naman ang binatang amo. “N-nothing’s going on here. Please go back to your rooms, ladies,” tarantang paliwanag ng kanilang amo

bago walang paalam na nilisan sila.

Kahit matagal bago nakatulog, sinikap ni Elvie na magising nang maaga. Ngunit mas maaga pang nagising ang kaibigang si Anna sa kanya.

“Ma’am, ano’ng gusto mong ulam? Ako magluluto ng agahan natin,” tanong nito.

“Salamat, kahit ano na lang.”

“Alam mo, Ma’am, awang-awa kami sa iyo kagabi. Sinadya talaga nilang itodo ang aircon para pag-akyat ni Sir ay mapagalitan ka,” sumbong pa nito habang nagliligpit ng gamit. “Buti na lang hindi ka napagalitan ni Sir.”

“Pabayaan mo na sila, balang-araw kung hindi sila titigil ay makakarma sila.”

“Talaga, Ma’am?”

“Oo, dahil hindi natutulog ang Diyos.”

“Naku si Ma’am, pelikula ’yan, ah,” natatawang anito. “At saka, Ma’am, narinig namin ang sinabi ni Sir sa ’yo. Unfair naman siya. Halata namang nagseselos siya.”

“Heh! bakit naman siya magseselos? Bago lang

natin siyang nakilala, 'no.'"

"Naku si Ma'am! Hindi mo ba nahalatang na-love at first sight siya sa iyo?"

"Heh, in your dreams." Nakangiting inirapan niya ito.

Alas cinco ng umaga dumating ang sundo nilang van papuntang unibersidad. Suot ang kanilang mga abaya, ganadong lumulan na sila ng sasakyan para sa unang araw ng pagpasok sa trabaho.

Sa sasakyan, nag-alanganing magsalita ang driver dahil marahil hindi ito gaanong marunong mag-English. Ganoon din si Elvie at iba niyang kasamahan, di marunong mag-Arabic.

May treinta minutos din bago sila dumating sa *Al Mohamad University for Women*. Dahil maaga pa, hindi maaaring makapasok ang sasakyan. Bukod pa roon, lalaki ang driver nila kaya bawal ito roon.

Napakalamig ng panahon paglabas nila ng sasakyan. Mabuti sa sasakyan at may heater. Pinapasok si Elvie sa isang makipot na daanan sa isang bahagi ng pader. Ngunit laking gulat niya dahil silid ang kanyang nabungaran. May mga matatabang babaeng nakasalampak sa sahig na balot na balot. Mata at ilong lamang ang nakikita sa mga ito. Tumindig

ang isa at lumapit sa isang maliit na mesang may nakapatong na parang logbook.

“Good morning, Ma’am,” bati nito na sa palagay niya ay ladyguard. Hindi umimik ang mga nakasalampak sa sahig na marmol. Pinalapit siya ng isa na nasa mesa. Sumenyas na ipatanggal ang kanyang talukbong. Tinanong nito ang kanyang pangalan.

“I’m Miss Elvie Montes Cuarez, the new Eatery Supervisor.”

“You from Thailand?”

“No, Ma’am, I’m from the Philippines.”

May sinabi ito sa wikang Arabic. Hindi maintindihan ni Elvie ang sinasabi nito.

“Sorry, Ma’am, I don’t speak and understand Arabic. But I will try to learn your language as soon as possible.”

Hindi na rin ito nagsalita at minuwestra na lang kung saan siya papasok.

“Ma’am, may I know the way to the school cafeteria?” tanong niya.

Walang sagot. Sa halip ay para siyang asong

binubugaw papunta sa isa pa ring silid. Naghahanap siya ng labasan, ngunit pawang maliliit na silid ang kanyang napasukan. Halos maiyak na si Elvie sa lamig at takot. Kalahating oras siya sa ganoong sitwasyon, bago nakakita ng labasan. Para siyang nakalabas sa kulungan.

“Good Lord, salamat po! I’m free at last!”

Ang suliranin na naman ay kung nasaan ang cafeteria. Akala kasi niya ay parang *Ateneo De Zamboanga* ang university na iyon na may open grounds. Ngunit napapaligiran pala iyon ng napakataas na pader. Para palang siyudad ito sa loob. Sa gilid ng kalsada ay may nakahilerang date palm trees, na hitik sa mga bunga.

May nakasalubong din siyang mga estudyanteng naghahagikgikan. Wala silang suot na abaya, kundi nakauniporme ng berde at puti.

“Good morning, Ladies, I am very much glad to see you,” masiglang bati niya. Huminto ang mga estudyante at tiningnan siya nang matagal.

“Thai?” ngumingiting tanong ng isa.

“No, I’m from the Philippines.”

“Ah...” anito saka nagsalita sa wikang Arabic.

“Ladies, may I know the way to the eatery or school canteen?” tanong niya umaasa na nakakaintindi ang mga ito ng English.

Ngunit nagsalita lamang ito ng Arabic.

Gusto na niyang tapikin ang sariling noo. *Lord, naliligaw na po ako. Ituro Mo po sa aking mga paa kung saan papunta—pakaliwa o pakanan.*”

Nadaanan niya ang compound ng *Department of Commerce, Department of Education, Department of Medicine at Law*. English ang nakasulat sa ibaba ng Arabic na karatula. Marami siyang napagtanungan ngunit ang sagot ay puro sa wikang Arabic.

Napagkamalan pa siyang nurse sa kanyang uniform—puting pants, blusang hanggang tuhod, berdeng checkered apron, puting cap, at puting three-inch-heeled sandals.

Nagkaroon siya ng pag-asa nang may makitang pamilyar na lahi na naglilinis sa compound. Gusto niyang mapalundag sa tuwa.

“Kabayan! Kabayan! Naku, mga kabayan, mabuti’t nakita ko kayo!” Para siyang nadismaya nang hindi siya sinasagot ng mga ito. Sa halip, parang mga zombie itong nakatingin sa kanya. Mayamaya, nagsalita din ang isa.

“Filipino?” anito at itinuro siya. “Thai.” At saka sarili naman ang tinuro.

“Susme, kamukha nga ng mga Filipino, di naman marunong mag-English,” bulong niya. Ang kaligayahan niya kanina ay parang makulay na lobo na biglang pumutok!

Naiisip niyang dumaan sa kanan. Hindi pa man napapalayo, may nakita siyang mga estudyanteng lumalabas mula sa pintuan. “Hay salamat, ’yan na talaga!” Ngayon ay sigurado na siya na iyon nga ang cafeteria. Naalala niya ang bilin ni Mr. Vance na hanapin niya ang babaeng may pangalang Farrah pagdating niya roon.

Lahat ng mga tao ay nakatingin sa kanya. Sa mga estudyanteng kumakain ay parang nagtataka, ngunit ang sa mga workers ay tila galit.

Alam na ng mga restaurant workers doon na may papalit sa kanila sa pagseserbisyo. Natalo kasi ang kanilang company sa bidding. Every two years ang bidding sa pag-manage ng dalawang restaurants at isang cafeteria sa loob ng unibersidad.

Isang babae ang lumapit sa kanya; kulot ang buhok nito at may hikaw sa ilong. Hindi na naman niya maintindihan ang sinasabi nito. Pero sa wari

niya ay galit na galit ito sa kanya.

Nahintakutan si Elvie nang biglang hilahin siya nito papuntang counter. Iyong ibang workers ay nagsigawan na tila ba natutuwa sa ginawa ng babae sa kanya.

Hindi siya makapalag dahil lubhang napakalaki ng babae kumpara sa kanya. Gusto nang umiyak ng dalaga.

Napatingin sa kanila ang mga kumakain sa cafeteria. Ang ibang estudyante ay nagimbal sa nasaksihan. Tumayo ang mga ito at sumigaw na wari ay kumakampi naman sa kanya.

Nagkaroon ng malaking kaguluhan nang magbatuhan ng mga gamit ang mga estudyante at workers doon.

Nakawala si Elvie mula sa malaking babae. May isang kasamahan itong pumulot ng baso sa ibabaw ng mesa at akmang ibabato sa kanya. Subalit nahila siya ng isa pang estudyante at ang nasa likuran niyang mag-aaral ang natamaan sa noo. Umagos ang maraming dugo.

Dali-daling hinubad ni Elvie and kanyang apron at itinali sa sugat ng estudyante upang maampat ang pagdaloy ng dugo. Pagkatapos ay inutusan niya ang

natatarantang mga kaibigan ng mag-aaral na dalhin ito sa hospital. Hinuli naman ng dalawang female security guards ang tatalilis sanang salarin.

Nilapitan si Elvie ng magagandang estudyanteng nagtanggol sa kanya.

“Poor Filipina. Do you feel fine now?” usisa ng isa sa mga ito.

“I was a bit scared for a while there, but now I’m okay. Thank you for helping me.”

“I’m Helen Sareni from Syria.” Inilahad nito ang kanang kamay.

Dumating ang Farrah na hinahanap ni Elvie, nagpakilala itong British teacher na kasintahan pala ni Mr. Vance. Maganda ito, blonde ang buhok, may mga matang parang laging tumatawa at malalalim na biloy sa dalawang makikinis na pisngi. Pinakiusapan pala ito ng nobyo na tulungan siya sa mga iniaatang na gawain, lalo na at hindi pa niya alam ang mga pasikot-sikot sa restaurants at cafeteria.

Gabi na nang sinabihan si Elvie na dumating na ang kanyang sundo sa labas ng gate. May sasakyan si Farrah kaya hinatid siya nito palabas. Naka-*abaya* rin ang babae ngunit hindi naka-*niqab* na katulad niya. Laking pasasalamat ng Filipina dahil hindi na

siya pinadaan sa makikipot na silid. Sa mismong gate sila lumabas.

“Thank you for your kindness and assistance, Miss Farrah,” saad niya.

“Oh, don’t mention it, Miss Cuarez.” Nagbeso-beso sila, bago siya sumakay sa van.

“Bye Miss Farrah, see you next week,” kaway niya.

Madilim na nang dumating sila sa villa.